


7. Tumayo. Ibaba ang mga kamay mo sa gilid at irelaks ang mga ito. Pansinin ang natural na kurbada nito, na parang may hawak na bola. Pag-upo mo ulit, ilagay ang mga daliri mo sa keyboard, na pinananatili ang natural na kurbadang iyon.
8. Ipuwesto ang mga kamay mo sa ibabaw ng keyboard, na nakalapat ang mga daliri malapit sa kagalitnaan ng malaking lugar sa mga puting

teklado. Panatilihin ang mga palad mo sa ibabaw ng keyboard, pero huwag mong ilapat ang mga ito sa mga teklado o sa kahoy sa ilalim ng mga teklado.

9. Tipahin ang teklado gamit ang pad ng daliri mo sa ilalim lang ng dulo ng daliri. Panatilihin nakakurba ang bawat daliri, na itinataas ito mula sa buko sa likod ng kamay mo. Kapag tinipa mo ang teklado, panatilihin nakabaluktot ang kasu-kasuan ng daliri mo.



Pagtugtog Ayon sa Numero ng mga Daliri

Para matulungan kang ilapat ang tamang daliri sa bawat teklado, binibigyan ng numero ang mga daliri tulad ng makikita rito. Ang numero ng mga daliri ay

nakasulat sa tabi ng mga nota sa pahina.

Ipaibabaw ang kamay mo sa anumang grupo ng limang teklado, na bawat daliri ay nasa ibabaw ng isang teklado. Praktisin ang numero ng mga daliri sa

pamamagitan ng pagtipa sa mga teklado gamit ang tamang daliri tulad ng nakasaad. Ang mga notang may mga tuwid na linya pataas ay para sa kanang kamay. Ang mga notang may mga tuwid na linya pababa ay para sa kaliwang kamay.